# Isang Gabay sa Pag-empleo ng

# Mga Batang Mang-aaliw

**Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa**
**Kagawaran ng Paggawa**
**Hong Kong**

A Guide to the Employment of Child Entertainers (Tagalog - Philippine version)

## Talaan ng mga Nilalaman

Pahina


| | |
|---|---|
| Panimula …………………………………………………………….... …................. | 1 |
| Kahulugan ng "bata" ……………………………………………………….................. | 1 |
| Pangkalahatang pagbabawal sa pag-empleo ng mga bata……......................... | 1 |
| Di-pangkaranìwang permiso na ibinibigay ng Tagapamahala.............…........... para sa Paggawa | 2 |
| Pag-uuri ng mga batang mang-aaliw ………………………………………..…. | 2 |
| Pamamaraan sa pag-aaplay …….……………………………………………......... | 2 |
| Pamantayang batayan na ipinapataw sa pagbibigay ng ……..…..................... di-pangkaraniwang permiso | 3 |
| Mga bata na kasali sa isang pang-kultura na palabas ………………………........ | 4 |
| Pag-empleo ng mga batang mang-aaliw mula sa ibang bansa ………………. | 5 |
| Mga sala at multa ……………………………………..………..... …............. | 5 |
| May-kaugnay na batas sa pagtatrabaho ……………………..…………....…. | 5 |
| Mga pagtatanong at sumbong ………………………………………………….. | 6 |

## Panimula

Ang Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata, na ginawa sa ilalim ng Kautusan ng Paggawa (Kap. 57), ay nagbabawal sa pag-empleo ng mga bata sa mga pang-industriya na gawain at nangangalaga sa pag-empleo ng mga bata sa mga hindi pang-industriya na mga kumpanya, para hindi ito makasagabal sa kanilang pag-aaral.

Gayon pa man, maaring kumuha ang isang maypatrabaho sa larangan ng aliwan, anunsiyo or mga kaugnay na larangan ng mga batang mang-aaliw na iba't iba ang edad para sa kaniyang produksiyon dahil sa tunay na pangangailangan ng industriya. Ang gabay na ito ang nagbabalangkas sa mga punong katangian ng mga pamamaraan ng pag-aaplay para sa pag-empleo ng mga batang mang-aaliw at nagtatala ng listahan ng mga pamantayan na ipinataw ng Tagapamahala ng Paggawa upang tulungan ang mga maypatrabaho na maintindihan ang kanilang mga obligasyon at upang malaman ng mga batang mang-aaliw ang mga bagay na dapat ibigay sa kanila.

Para sa detalye ukol sa mga batayan at mga pagbabawal para sa pag-empleo ng mga bata, maaaring konsultahin ang "Isang Gabay sa Mga Kautusan sa Pag-empleo ng Mga Bata."

## Kahulugan ng "bata"

Ayon sa Kautusan ng Paggawa, ang "bata" ay tumutukoy sa tao na mababa pa sa edad na 15 taong gulang.

## Pangkalahatang pagbabawal sa pag-empleo ng mga bata

Walang tao ang maaaring mag-empleo ng isang bata sa anumang pang-industriya na gawain. Sakop ng ilang mga pagbabawal sa Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata, ang mga bata na edad 13 or pataas ay maaaring pagtrabahuhin sa hindi pang-industriya na mga kumpanya. Gayon pa man, ang mga bata sa kategoryang ito, na hindi nakatapos ng ikatlong taon sa mataas na paaralan, ay pinagbabawalan na pumasok sa pag-empleo sa alinmang lugar aliwan na pampubliko, maliban kung ang layunin nito ay hindi para kumita ng tubo.

Ang isang bata na nagtatrabaho sa anumang lugar ng pag-empleo, tumatanggap man ng suweldo o hindi, ay itinuturing na nagtatrabaho doon ayon na layunin ng mga Patakaran.

Ang Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata ay hindi magagamit kaugnay sa mga bata na nakarehistro bilang mga manggagawang nagsasanay sa ilalim ng Kautusan ng Pagsasanay ng Manggagawa (Kap. 47)

## Di-pangkaraniwang permiso na ibinibigay ng Tagapamahala Para sa Paggawa

Para sa pagpapaunlad ng sining o pagsasanay, ang Tagapamahala Para sa Paggawa ay maaaring magbigay ng permiso sa pag-empleo ng mga batang magkakaiba ang edad bilang mga mang-aaliw, sa pamamagitan ng pagbibigay ng iksemsiyon mula sa ilang mga probisyon ng Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata. Ang isang maypatrabaho na balak kumuha ng mga batang mang-aaliw ay dapat na sumulat sa Tagapamahala upang humingi ng iksemsiyon bago magsimula ang pag-empleo.

Upang masiguro na walang magiging sagabal sa pag-aaral ng mga bata at ang kanilang pangkalahatang kabutihan, kasama na rito ang kanilang kaligtasan, kalusugan at moralidad ay di manganib, ang Tagapamahala ay magpapataw ng mga partikular na mga batayan at pagbabawal sa pagbigay ng di-pangkaraniwan  permiso.

## Pag-uuri ng mga batang mang-aaliw

Sangayon sa kalakaran ng pag-empleo, ang mga batang mang-aaliw ay pangkalahatang nauuri ayon sa mga sumusunod na mga kategoriya:

(a) mga Ekstra – pag-empleo dahil sa hindi inaasahan na pangangailangan sa isang natatanging programa o produksiyon; at

(b) Nakakontrata na mga artista/mga may kasarinlan na mga artista– pag-empleo na base sa isang kontrata na kinapapalooban ng may natutukoy na panahon ng pagtatrabaho o base sa kung anong programa.

Iba't-ibang pamamaraan ng pag-aaplay at mga batayan ng pag-empleo ay itinakda para sa pag-empleo ng iba't-ibang kategoriya ng mga batang mang-aaliw.

## Pamamaraan ng pag-aaplay

(a) Mga Ekstra

Ang pag-aaplay (Pormularyo CEF-1) ay kinakailangan na makarating sa Kagawaran ng Paggawa 48 oras bago mag-umpisa ang pag-empleo. Kinakailangan din na magbigay ng iskrip o mga pagsasalarawan ng kuwento ng produksiyon.

(b) Nakakontrata na mga artista/mga may kasarinlan na mga artista

Ang pag-aaplay (Pormularyo CEF-1 at CEF-2), kasama ng isang iskrip o mga pagsasalarawan tungkol sa kuwento ng produksiyon, ay kinakailangan na makarating sa Kagawaran ng Paggawa 7 araw bago mag-umpisa ang pag-empleo. Bukod dito, ang mga kopya ng tala sa pag-empleo ng bawa't batang

empleyado (Pormularyo CEF-4), ang pagsang-ayon ng mga magulang sa pag-empleo (Pormularyo CEF-5), pati na rin ang isang may bisa na sertipiko ng pagpasok sa paaralan o katibayan ng pagtatapos sa ikatlong taon ng mataas na paaralan na hinggil sa bata, ay kinakailangan na ibigay ng sabay na panahon.

## Pamantayang batayan na ipinapataw sa pagbibigay ng di-pangkaraniwan na permiso

(a) Pinagsasaligan na mga batayan

(i) Walang bata ang maaaring pagtrabahuhin

- bago mag ika-7 ng umaga o pagkatapos ng ika-11 ng gabi;
- kung ang panahon ng pag-empleo ay higit pa sa 8 oras sa anumang araw;
- kung ang pagtatrabaho ay higit pa sa 4 na oras sa araw na may klase sa paaralan sa panahon ng pasukan;
- sa mga oras na may klase sa paaralan
- na hihigit pa sa 4 na araw sa isang linggo at sa panahon ng pasukan sa paaralan ng sobra sa 3 araw magmula Lunes hanggang Sabado;
- sa loob ng 12 oras na sumunod na matapos ang trabaho niya sa alinmang araw;
- kung magtatrabaho ng tuluy-tuloy na sobra sa 5 oras at walang panandaliang paghinto na di bababa sa 1 oras para sa pagkain o pamamahinga at, sa kaso ng isang bata na wala pang 6 na taong gulang, walang karagdagang panahon ng pahinga na di bababa sa kalahating oras sa loob ng nabanggit na panahon na 5 oras.

(ii) Kailangang ihatid ng walang bayad ang bawa't bata sa kanilang bahay kapag sila ay kinailangan na magtrabaho pagkaraan ng alas 7 ng gabi.

(iii) Walang bata ang dapat pagawain ng isang akto na may panganib sa kaniyang buhay, kalusugan o moralidad.

(b) Karagdagang mga batayan para sa mga batang ekstra

Ang mga sumusunod na mga kasulatan ay kailangang panatilihin at madaling makuha para sa pagsisiyasat ng Mga Inspektor sa Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa sa panahon ng pag-empleo, at kailangan na ipadala sa Kagawaran ng Paggawa sa loob ng 14 na araw magmula sa huling araw ng pag-empleo.

**Ang isang "sertipiko ng pagpasok sa paaralan" ay isang dokumento na ipinapalabas ng puno ng paaralan, na nagbibigay katibayan na ang batang empleyado ay pumapasok sa paaralan. Kapag ang isang bata ay inalok na magtrabaho, ang kaniyang magulang ay kinakailangang mag-aplay sa puno ng paaralan para sa sertipikong ito.*

(i) isang tala ng pag-empleo na hinggil sa bawa't batang mang-aaliw, na naglalaman ng kaniyang mga pansariling detalye at mga impormasyon tungkol sa pag-empleo; at

(ii) isang nakasulat na pagsang-ayon sa pag-empleo ng bata galing sa kaniyang magulang kung saan binabanggit ang pangalan ng paaralan at klase na pinapasukan ng bata.

(c) Karagdagang mga batayan para sa naka-kontrata na mga artista/may kasarinlan na mga artista

Ang mga sumusunod na mga dokumento ay kinakailangan na panatilihin at maaaring makuha para sa pagsisiyasat ng Mga Inspektor ng Paggawa:

(i) isang tala ng pag-empleo na hinggil sa bawa't batang mang-aaliw na naglalaman ng mga pansariling detalye at impormasyon tungkol sa pag-empleo;

(ii) isang nakasulat na pag-sangayon sa pag-empleo galing sa mga magulang ng bata; at

(iii) isang may bisa na sertipiko na naglalaman ng tala ng pagpasok sa paaralan o katibayan ng pagtatapos sa Ikatlong taon ng mataas na paaralan ng bata.

## Mga bata na kasali sa isang pang-kulturang palabas

Ang isang nagtatatag na institusyon na may layuning magsaayos ng pagsali ng mga bata sa mga pang-kulturang palabas ay kailangan lamang magbigay ng abiso sa Kagawaran ng Paggawa 14 araw bago magsimula ang palabas sa pamamagitan ng isang pamantayan ng pag-abiso na pormularyo (Pormularyo CEF-6). Hindi kinakailangang humingi ng di-pangkaraniwang permiso galing sa Tagapamahala para sa Paggawa kung ang mga sumusunod na pamantayan ay natugunan:

(a) ang mga bata at/o ang kanilang mga magulang/mga tagapag-alaga ay hindi tatanggap ng anumang gantimpala na may kinalaman sa pananalapi, sa kahit ano pa mang mga kondisyon o mga titulo, para makasama sa palabas; at

(b) ang kaligtasan, kalusugan at kabutihan, kasama na rito ang pag-aaral at mga moralidad ng mga bata, ay hindi malalagay sa panganib sa paggawa ng mga gawain, gaya ng kadalasan ng mga pagpapalabas na dapat ay di hihigit sa pitong araw bawat buwan o apat na araw sa bawat linggo.

Kapag ang Kagawaran ng Paggawa ay nakumbinsi na ang mga kondisyon na nabanggit sa itaas ay lubos na natugunan, ang nagtatatag na institusyon ay paaabisuhan sa pamamagitan ng sulat na ang pormal na pag-aaplay ng permiso para

**Halimbawa, pagkain sa tanghalian na naka-karton, damit na para sa palabas o pagpapahatid sa sasakyan ng walang bayad na inihanda ng nagtatatag na institusyon ay hindi ituturing bilang gantimpala na may kaugnay sa pananalapi; samantalang ang mga panggastos para sa pagkain/damit/paglalakbay na sa pamamagitan ng salapi ay ituturing na kabilang sa sahod o may kaugnay sa salapi na gantimpala.*

sa pagsang-ayon ng Tagapamahala para sa Paggawa ay hindi na kinakailangan. Para sa kapakanan ng mga batang mang-aaliw, ang nagtatatag na institusyon ay kinakailangang kumuha ng pang-aksidente o anumang nababagay na seguro upang ang mga bata ay mabigyan ng proteksiyon kung sakaling may mangyaring aksidente habang nagpapalabas.

Kung matapos ang masusing pangtunghay sa abiso ay napagtanto ng Kagawaran ng Paggawa na ang isang pormal na pag-aaplay para sa pagsang-ayon ng Tagapamahala para sa Paggawa ay kinakailangan, ang nagtatatag na institusyon ay paaabisuhan sa pamamagitan ng sulat upang pormal na mag-aplay ng pagsang-ayon. Ang pag-aaplay na ito ay kinakailangang may kalakip na mga naangkop na mga dokumento, kasama dito ang sulat na pagsang-ayon mula sa mga magulang/tagapag-alaga ng bata at isang may bisa na sertipiko ng pagpasok sa paaralan.

## Pag-empleo ng mga batang mang-aaliw mula sa ibang bansa

Ang mga empleyado mula sa ibang bansa na binigyan ng empleo sa Hong Kong ay nasa ilalim ng ilang mga kondisyon ng imigrasyon na ipinataw ng Kagawaran ng Imigrasyon ng Pamahalaan ng HKSAR. Ang mga maypatrabaho na may balak na mag-empleo ng mga dayuhan na mga batang mang-aaliw para magpalabas sa Hong Kong ay kinakailangan na mag-aplay sa Tagapamahala para sa Paggawa sa pamamagitan ng sulat kagaya ng para sa mga lokal na empleyado. Ayon sa mga kalagayan ng bawa't kaso, ang Tagapamahala ay maaaring mag-paubaya sa ilang mga probisyon na kailangang sundin ng mga maypatrabaho at magpataw ng karagdagang mga batayan at mga pagbabawal.

## Mga sala at multa

Ang sinumang tao na mag-empleo ng isang bata ng di alinsunod sa batas ay maaaring tumanggap ng pinakamataas na multa na $50,000 kapag napatunayan na nagkasala. Ang sinumang maypatrabaho na sumuway sa alinman sa mga batayan na ipinataw ng Tagapamahala para sa Paggawa ay maaaring mauwi sa pagkakansela ng di-pangkaraniwang permiso at kriminal na pagsasakdal.

## May-kaugnay na batas sa pagtatrabaho

(a) Kautusan sa Kaligtasan at Kalusugan na Pangtrabaho (Kap. 509)

Itong Kautusan at ang mga sangay na mga patakaran ay isinabatas para:

(i) makasiguro sa kaligtasan at kalusugan ng mga empleyado sa trabaho;

(ii) magpanukala ng mga hakbang na magdudulot nang mas ligtas at mas malusog na mga lugar sa pagtatrabaho para sa mga empleyado;

(iii) mapaayos ang pangkaligtasan at pangkalusugan na mga pamantayan na naaangkop sa ilang mga mapanganib na mga pamamaraan, mga tanim at mga kemikal na gamit o nakatago sa mga lugar ng pagtatrabaho; at

(iv) mapabuti ang pangkalahatang kalagayan na pangkaligtasan at pangkalusugan sa mga lugar ng pagtatrabaho para sa mga empleyado.

Isang Hotline sa numero 2559 2297 ay inilaan para sa pagngangasiwa ng mga pagtatanong ng publiko tungkol sa kaligtasan at kalusugan na pangtrabaho. Ang pagbibigay-alam sa mga aksidente at mga mapanganib na mga pangyayari sa mga lugar ng pagtatrabaho ay maaaring gawin sa Hotline sa numero 2815 0678.

(b) Kautusan para sa Bayad-pinsala sa mga Empleyado (Kap. 282)

Sa ilalim ng Kautusan para sa Bayad-pinsala sa mga Empleyado, ang lahat ng mga maypatrabaho ay kinakailangan na magkaroon ng sapat na seguro para sa kanilang mga pananagutan sa ilalim ng Kautusan at sa pangkaraniwang batas tungkol sa pinsala sa trabaho para sa kanilang mga pang-matagalan at permanenteng mga empleyado at mga pang-maiksing panahon na mga empleyado, kasama na dito ang mga batang empleyado.

(c) Kautusan sa Pag-empleo

Ang mga probisyon sa ilalim ng Kautusan sa Pag-empleo ay magagamit sa mga batang empleyado na naangkop dito.

## Mga pagtatanong at sumbong

Ang mga katanungan ukol sa Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata ay maaaring isangguni sa Hotline para sa Pagtatanong sa numero 2717 1771 (ang Hotline ay pinangangasiwaan ng "1823 Call Centre") o sa pamamagitan ng Kagawaran ng Paggawa sa pahina ng internet na http://www.labour.gov.hk.

Ang mga sumbong ay maaaring ipaalam sa aming 24-oras na Hotline Para sa Pagsumbong sa numero 2815 2200 o ipaalam na mismo sa Punong-himpilan ng Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa, Kagawaran ng Paggawa sa 17/F Harbour Building, 38 Pier Road, Central, Hong Kong. Ang lahat ng mga sumbong ay bibigyan ng aksiyon na may mahigpit na pagtitiwala.